# Balitang Manmin

BILANG 52 DISYEMBRE 18, 2011


# Si JESU-CRISTO ay Ipinahayag sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu

## Nanguna si Pastor Taesik Gil sa Seminar ng mga Pastor at sa mga Krusadang may Panyong Nagpapagaling sa Pakistan at Sri Lanka

①

②

③

④

⑤

⑥


Ang ministeryo ng Manmin sa Pakistan at Sri Lanka: Hindi mabilang na mga tao ang naging Cristiano, tumanggap sa Panginoon, at nagpuri sa Diyos habang nakikinig sa ebanghelyo ng kabanalan at sinasaksihan ang kapangyarihan ng Diyos. ■ Litrato 1: Mga 5,000 tao ang nagtipon sa labas ng Full Gospel Assembly (Nobyembre 9) ■ Litrato 2: Mga 2,500 tao ang nagtipon sa Colombo, Sri Lanka (Nobyembre 19) ■ Litrato 3: Seminar ng mga Pastor sa Colombo, Sri Lanka (Nobyembre 21) ■ Litrato 4: Pagtatanghal ng Passion Praise Team ng Manmin Central Church ■ Litrato 5, 6: Mga nagpatotoo sa paggaling nila sa iba't ibang karamdaman

Ipinahayag ni Pastor Taesik Gil na si Jesu-Cristo ang nag-iisang Tagapagligtas natin at pinatunayan na totoo ang Biblia sa pamamagitan ng makapangyarihang mga gawain sa Pakistan at sa Sri Lanka. Karamihan ng mga tao sa Pakistan ay Muslim, at humigit-kumulang 90% ang Buddhist sa populasyon ng Sri Lanka. Maraming tao ang naligtas, gumaling, at tumanggap ng sagot sa mga tanong nila. Niluwalhati nila ang Diyos.

Nagmiministeryo si Pastor Taesik Gil sa Daejeon Manmin Church sa Timog Korea. Noong Nobyembre 8-17, nanguna siya sa Seminar ng mga Pastor at sa mga Krusadang may Panyong Nagpapagaling sa Pakistan at noong Nobyembre 18-24 ay sa Sri Lanka naman. Nakapagdaos sila ng labintatlong pagtitipon sa Lahore, Gujranwala, Rawalpindi, Islamabad, at Karachi sa Pakistan, at sa Colombo at Wattala sa Sri Lanka.

Sa Seminar ng mga Pastor, nagturo si Pastor Gil tungkol sa 'Why Is Jesus Our Only Savior?' (Bakit si Jesus ang Nag-iisang Tagapagligtas Natin?), 'Why Did God Put the Tree of the Knowledge of Good and Evil in the Garden of Eden?' (Bakit Inilagay ng Diyos ang Punungkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama sa Halamanan ng Eden?), at 'The Difference Between the Meanings of 'Jesus' and 'Jesus Christ' (Ang Kaibahan ng 'Jesus' sa 'Jesu-Cristo'). Taimtim na nakinig ang mga pastor, may galak at palakpak na nag-"Amen" at "Hallelujah."

Ang kamangha-manghang pangyayari ay mas mabilis ang naging pagpapagaling kaysa sa dati. Ang 11 taong gulang na si Wishal ay ipinanganak na bulag, pero nakakita siya pagkapanalangin ni Pastor Gil gamit ang panyo. Dahil sa napakalabong mata ng 18 taong gulang na si Yausaf, nahihirapan siya sa klase. Subalit, nakapagbasa siya pagkatapos ng pananalangin at niluwalhati ang Diyos. (Basahin ang 'Panalanging may Panyo' sa Ang Mga Gawa 19:11-12)

Anim na taon nang nakasaklay ang 45 taong gulang na si Mantaz Bibi, dahil sa epekto ng operasyon sa mga binti niya. Nakapaglakad siya pagkatapos ipanalangin ni Pastor Gil. Nawala din kaagad ang bukol sa gilagid ni Inita, 16 taong gulang na babae, pagkatapos ipanalangin.

Marami pa ang mga gumaling sa sakit sa puso, mga sakit ng mga kababaihan, alta presyon, tinnitus, malaria at lagnat. Nakalaya sa sakit at masasamang espiritu ang ilan. At marami pang ibang pagpapagaling ang nangyari. Hindi na makakayang ibalita ang bawat isa sa kanila. May kagalakang isinigaw ng kongregasyon ang pangalan ni Jesu-Cristo habang napapanuod ang makapangyarihang pagkilos Niya.

Dahil dito, maraming iglesya ang nagpalista bilang sangay at katuwang ng Manmin Central Church at dumalo ang maraming pastor na matagal nang nanabik sa ministeryo ng Manmin.

Sinabi ni Pastor Anwar Fazal, pangulo ng Isaac TV sa Lahore, Pakistan: "Ang serye ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at ang mga programa sa GCN TV ay lumalaganap na sa mga bansa sa Gitnang Silangan. Maraming Muslim ang nagiging Cristiano at gumagaling sa mga karamdaman nila. Umaapaw ang mga hiling ng mga manonood na gustong maipanalangin ni Dr. Lee. Ang Isaac TV ang nagsasahimpapawid ng mga programa ng GCN TV sa loob ng anim na oras bawat araw."

Patuloy ang mga kahilingan para magdaos ng krusada si Dr. Jaerock Lee sa lugar nila. Ayon kay Pastor Samuel Pervez: "Naaalala pa ng mga tao ang Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan noong taong 2000. Gusto kong magdaos ulit ng isa pang krusada na pangungunahan ni Dr. Lee sa Sialkot, Pakistan." Si Pastor Pervez ay isa sa mga miyembro ng komite na nag-organisa ng nasabing krusada.

Ang mga pagtitipon sa Pakistan at Sri Lanka ay naging daan para maisulong ng Manmin ang planong magkaroon ng pandaigdigang iglesya. Pinapasalamatan at niluluwalhati namin ang Diyos.

# Pagsunod

"At sinabi ni Samuel, 'Ang PANGINOON kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng PANGINOON? Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki. Sapagkat ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng pangkukulam, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng katampalasan at pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sapagkat itinakuwil mo ang salita ng PANGINOON, itinakuwil ka rin Niya sa pagiging hari.'" (1 Samuel 15:22-23)

Kadalasan, hindi sinusunod ng mga tao ang isang bagay na iba sa natutuhan at naranasan nila. Subalit kapag ang pinag-uusapan ay tungkol sa mga gawain para sa Panginoon, napakahalagang sundin natin ang Diyos. May mga bagay na mukhang imposibleng sundin kung iaasa lang sa sarili, pero kung magtitiwala tayo sa Diyos at susunod sa salita Niya, malulugod Siya at pagpapalain Niya tayo.

Nang sundin ni Moises na lider ng mga Israelita ang salita ng Diyos, nahati ang Dagat na Pula at ang mga Israelita ay ligtas na nakatawid dito. Kapag susunod tayo sa isang situwasyon na mahirap sundin, lalago ang pananampalataya natin at matapang nating maipapakita ito.

Subalit hindi natin magagawang sumunod sa sariling pagsisikap lang natin. Magagawa lang ang lubos na pagsunod kapag mayroon tayong banal na puso, isang pusong katulad ng sa Panginoon. Ano ngayon ang dapat nating gawin para magkaroon ng banal na puso para makasunod?

### Una, dapat ninyong buwagin ang isipan na makalaman

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:6-7, "Sapagkat ang kaisipan ng laman ay kamatayan; subalit ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan. Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos; sapagkat hindi ito napapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari." Isipin mong nasa bangka ka at nagsasagwan. Kung papunta ka sa maling direksyon hindi ka makakarating sa pupuntahan mo kahit gaano kasigasig ang pagsasagwan mo. Sa maling lugar ka mapapadpad o kaya ay iaanod ka na lang. Ganito rin kung mayroon kang isipang makalaman, hindi mo lubusang masusunod ang Diyos kahit pa gustuhin mo.

Palagi kayong kinakausap ng Diyos sa pamamagitan ng tinig ng Banal na Espiritu, subalit maaaring sumusunod kayo sa isipan ninyong makalaman kaya kayo sumusuway. Sa halip na makinig kayo sa tinig ng Banal na Espiritu, umaasa kayo sa sarili ninyong karanasan at kaalaman. Pinipili ninyo ang mga paraan na sa tingin ninyo ay mabuti at tama. Sa espirituwal na diwa, katulad ito ng pakikinig kay Satanas, ang kaaway ng Diyos. Sinasabi sa Biblia, "...ang kaisipan ng laman ay laban sa Diyos."

Hindi kayo makakasunod kung hindi ninyo bubuwagin ang isipan na makalaman. At hindi din ninyo mapapangalagaan ang pagpapabanal, isang mahalagang bagay sa paghubog sa pagiging masunurin. Mahihirapan kayong makita ang mga kasamaan at mga kakulangan ninyo habang mayroon kayong isipang makalaman. Makikita at maiwawaksi ninyo ang mga ito kung tatanggihan ninyo ang sarili ninyo at lubos na aasa lang kayo sa Diyos.

### Pangalawa, dapat ninyong palakasin ang sarili sa salita

Sinasabi sa Efeso 6:13, "Kayat kunin ninyo ang buong baluti ng Diyos, upang kayo'y makatagal sa araw ng masama, at kung magawa na ninyo ang lahat ay tumayong matatag." Sinasabi sa atin ng mga sumunod na talata na magbigkis sa baywang ng katotohanan; isuot ang baluti (armor) ng katuwiran; isuot sa paa ang pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan; taglayin ang kalasag (panangga) ng pananampalataya; taglayin ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Para magwagi sa digmaang espirituwal sa pagsunod sa Panginoon, kailangan ninyong palakasin at patatagin ang sarili sa salita ng katotohanan. Kailangan ninyong iwaksi ang isipang makalaman para maging malalakas na mga manggagawa na matatag na nakatayo sa salita. Subalit kadalasan, ang mga salitang naririnig ninyo ay pandagdag lang sa kaalaman ninyo. Halimbawa, alam na alam ninyo ang salita ng Diyos, pero hindi ninyo ito isinasabuhay kaya hindi ito lumalago sa puso ninyo.

Walang saysay ang pagsusuot ninyo ng baluti (armor) at pagdadala ng kalasag (shield) at tabak, kung hindi naman kayo bihasa sa paggamit ng mga ito. Katulad ito ng salita na nasa utak lang. Walang halaga. Hindi ninyo masusunod ang salita ng Diyos kung hindi ninyo ito isasabuhay.

Halimbawa, sa Mateo 23:11, sinabi ni Jesus: "Ang pinakadakila sa inyo ang magiging lingkod ninyo." Kahit naisaulo ninyo ang talatang ito, hindi kayo makakapaglingkod sa iba kung hindi ninyo ito isinasapuso. Hindi kayo makakapaglingkod dahil gusto ninyong kayo ang paglingkuran, inuuna ninyo ang sarili at nagiging mapagmataas kayo. At kung hindi ninyo ginagamit at pinapalago ang salita na nasa puso ninyo para lutasin ang sariling mga problema, hindi rin ninyo malulutas ang mga problema ng mga miyembro ng iglesya. Maaaring magkamali kayo sa pagpapayo sa mga miyembro kung ang pagtingin ninyo sa sarili ay mas mabuti kaysa sa kanila.

Samakatwid, umaasa akong papalakasin ninyo ang sarili sa pag-aaral ng salita, at pangangalagaan ito sa mga puso ninyo. Kailangang makaya ninyong lutasin ang kahit na anong problema na haharapin ninyo sa buhay at sa paggawa ng mga tungkulin ninyo sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Ang paraan ay madali at simple. Una, simulan ninyong basahing muli ang tatlong sermon sa bawat linggo. Basahin ang sermon sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at sa pagsamba sa umaga at gabi ng Linggo. Itanim muna ang salita sa puso ninyo, at ipanalangin na lumago ito. Pagkatapos, tutulungan kayo ng Diyos na maunawaan ito. At bibigyan Niya kayo ng lakas para pangalagaan ito sa puso ninyo para maisabuhay ito.

Ang tunay na pagpapalakas sa salita na hangad ng Diyos para sa inyo ay ang pangangalaga nito sa puso ninyo at ang pagsasabuhay sa narinig at natutuhan ninyo. Ang isipang makalaman ay mabubuwag kung papalakasin ninyo ang sarili ninyo sa salita para makasunod kayo sa salita ng Panginoon.

### Pangatlo, dapat kayong manalangin nang taimtim

Dito lang mabubuwag ang sarili ninyong mga katuwiran at opinyon at maisasapuso ang salita. Subalit ang pagsigaw ng "Panginoon! Panginoon!" ay hindi nangangahulugang maalab ang pananalangin ninyo. Taimtim ang pananalangin ninyo kung mananalangin kayo ng buong puso. Ano bang klaseng dalangin ang pananalangin ng buong puso? Gusto ko munang pag-isipan ninyo kung gaano ba kalaki ang pasasalamat at pag-ibig na mayroon kayo sa mga dalangin ninyo.

Sinasabi sa Colosas 4:2: "Magpatuloy kayo sa pananalangin, at kayo'y magbantay na may pagpapasalamat." Gaano kalaking pasasalamat ba ang iniaalay ninyo sa mga dalangin ninyo? Ang mga tunay na nagpapasalamat ay palaging nagpapasalamat sa taong nagbigay sa kanila ng pagpapala. Ang mga nagpapasalamat sa mga biyaya ng Diyos ay masisiyahan sa pagpapasalamat sa Kanya. Paulit-ulit silang magpapasalamat sa biyaya ng kaligtasan mula sa kamatayan na kabayaran ng kasalanan. Gayundin sa pagpapagaling at sa mga sagot sa mga dalangin nila; at sa pagkakaloob ng magarang kaharian sa langit.

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap ninyo sa Diyos Ama. Napakasaya kapag nananalangin kayo sa Diyos Ama na may pagnanais na makita at makausap Siya habang nagpapasalamat kayo sa lahat ng pagpapala Niya! Kaya umaasa ako na palagi ninyong aalalahanin ang pag-ibig at biyaya na ibinigay sa inyo ng Diyos sa tuwing mananalangin kayo. Sikaping pag-isipan ang iba pang mga bagay na ipagpapasalamat sa Diyos at luwalhatiin Siya. Dahil dito, uusbong ang pag-ibig sa puso ninyo at mapupuno kayo ng mas maraming pagpapala at mas makapagpapasalamat pa kayo.

Habang ipinagpapasalamat ninyo ang maliliit na bagay, magkakaroon kayo ng mas malalaking bagay na ipagpapasalamat. Sa ganitong paraan, magkakaroon kayo nang mas malalim na ugnayan sa Diyos. At makakapanalangin kayo ng buong puso. Lubos kayong masisiyahan sa pananalangin kaya hindi na ninyo mapapansin na tumatakbo na pala ang oras. Ang panalangin ninyo na may lubos na saya at galak ay mabangong samyo sa harap ng Diyos Ama. Umaasa ako na mananalangin kayo nang mataimtim at nagmumula sa puso araw-araw para maranasan ninyo ang kapangyarihan ng mga panalangin.


Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sa Mateo 11:28-30, sinabi ni Jesus ang mga sumusunod: "Lumapit kayo sa Akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan Ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at matuto kayo sa Akin; sapagkat Ako'y maamo at may mapagkumbabang puso at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat madaling dalhin ang Aking pamatok at magaan ang Aking pasan." Sa katunayan, madaling isabuhay ang salita ng Diyos. Iniisip lang ninyo na mahirap itong gawin dahil mayroon kayong isipang makalaman.

Subalit kung magninilay kayo sa salita ng Diyos sa araw at gabi at mananalangin nang maalab bawat araw, patuloy na mababawasan ang isipan ninyong makalaman. Sa malugod ninyong pagsunod, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging marangal kayo habang tinatanggap ang pag-ibig at biyaya ng Diyos.

# Ugaliing Magsaulo ng mga Talata Kahit Sampung Minuto Lang Bawat Araw!

### “Ngunit para sa akin, ang pagiging malapit ng Diyos ay aking kabutihan...” (Mga Awit 73:28)

Itinuturo ng Diyos sa bawat isa kung paano makakamit ang kaligtasan, ang buhay na walang hanggan, mga kasagutan, at mga biyaya sa pamamagitan ng animnapu't anim na aklat sa Biblia. Matatanggap ng mga tunay na nagtitiwala sa Kanya ang mga sagot sa mga tanong at dalangin sa pamamagitan ng pagninilay sa salita ng Diyos at pagsasabuhay nito. Taun-taon, nagdadaos ang Manmin Central Church ng isang paligsahan o quiz tungkol sa kaalaman ng mga miyembro sa Biblia para tulungan silang maging masipag sa pagbabasa nito at magkaroon ng masayang buhay Cristiano. Makakaranas kayo ng mga kamangha-manghang pagbabago at mga biyaya kung uugaliin ninyo ang pagsasaulo ng mga talata sa Biblia kahit sampung minuto lang bawat araw.





## “Napuno Ako ng Kapayapaan at Kasayahan sa Pag-ibig ng Panginoon Magmula nang Mapalapit Ako sa Diyos Dahil sa Biblia”

**Pastor Geumran Hwang** (Pangalawang Pastor ng 2-29 Parish)

Pagkatapos kong tanggapin ang Panginoon, ginusto kong magkaroon ng mas malalim na pag-unawa tungkol sa Diyos Ama at sa Panginoon, ang lalaking papakasalan ko. Kaya sinimulan kong pag-aralan ang Biblia. Naglista ako ng mga talata sa Biblia at isinulat ko pa sa palad ko. Sumali din ako sa grupo na sabay-sabay na nagsasaulo ng mga talata. Subalit nahirapan akong makasabay sa kanilang lahat.

Samantala, binigyang-diin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang kahalagahan ng pagbabasa ng isang kabanata sa Biblia at ang pagsasaulo ng isang talata bawat araw. Inilalathala pa niya ang lingguhang mga talata sa pahayagan ng iglesya. Sinimulan kong sundin ang mga sinasabi niya nang may pasasalamat at galak. Dahil dito, tumanggap ako ng masaganang espirituwal at materyal na biyaya.

Kinailangan ng pasensya ang patuloy na pagsasaulo ng mga talata araw-araw. Dahil dito, nagkaroon ako ng pusong matatag. Naging palagay ang loob ko kapag isinasakripisyo ko ang mga hangaring pansarili at kapag naglilingkod ako sa halip na pinaglilingkuran. Naging aktibo at masipag ako, naniniwala na ang lahat ng bagay ay posibleng mangyari. Napagtanto ko rin ang halaga ng buhay, ang pamumuhay sa katotohanan, at ang pagpapahalaga sa mga kaluluwa.

Isinaulo ko ang Mga Awit 139:16, “Nakita ng Iyong mga mata ang aking wala pang anyong sangkap; at sa Iyong aklat bawat isa sa mga iyon ay nakasulat, ang mga araw na sa akin ay itinakda, nang wala pang anuman sa kanila.” Napagtanto ko na pati ang kapanganakan ko mismo ay biyaya ng Diyos at ang buhay ko ay pagpapala Niya. Naisip kong dapat lang mabuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Palagi akong nagpapasalamat sa pag-ibig ng Diyos Ama at ng Panginoon na gumagabay sa akin.

Ako ay pastor sa Manmin Central Church. Gayon pa man, nagninilay ako sa salita ng Diyos kahit abala ako. Taon-taon, nananalo ako sa pagsali sa mga paligsahan. May tanso, pilak, at gintong premyo. Noong 2010, sa wakas ay napanalunan ko ang pinakamalaking premyo sa ika-10 Paligsahan ng Kaalaman sa Biblia. Ngayong taong ito, nakuha ko ang gintong premyo. Gusto ko ngayong ibahagi sa inyo ang mga paraan sa pagsasaulo ng mga talata.

**Una, isinusulat ko ang mga talata sa lingguhang pahayagan kapag tinatalakay ito ng tagapagsalita sa pagsamba.**

Halimbawa, tinatalakay ng pastor ang tungkol sa 1 Juan 3:7-9 sa kanyang sermon. Kapag sinabi niya na ‘Ang diyablo ang dahilan ng pagkakasala ng mga tao,’ isinusulat ko ito sa ibaba ng talatang nabanggit. Sa paraang ito, ang mga kahulugan ng mga talata ay nananatili sa isip ko at madali ko nang matatandaan.

**Pagkatapos, binabasa ko ang kabanata na pinagmulan ng mga talata.**

Sabihin nating isinaulo ko ang Mga Taga-Roma 12:21, “Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.” Babasahin ko muna ang kabanata 12 ng Mga Taga-Roma para maintindihan ko ang nilalaman nito at pagkatapos, titingnan ko ang koneksyon sa talata. Makakatulong kung tatandaan ang talata at palalakasin ang sarili sa salita ng Diyos.

**Panghuli, paulit-ulit kong binabasa at isinusulat ang mga talata**

Sa halip na basahin ng malakas ang mga talata, mas mabuting isulat ang mga ito dahil magiging eksakto at walang mali ang pagsasaulo. Malaking tulong sa buhay Cristiano ninyo kung uugaliing paulit-ulit na babalikan ang mga talata. Mapapansin ninyong nagkakaroon kayo ng pusong matatag.

## “Masayang-masaya Ako Magmula nang Isabuhay Ko ang Salita ng Diyos”

Tinuruan ako ng mga magulang ko ng tungkol sa Biblia magmula noong bata pa ako. Ibinili nila ako ng mga librong may kinalaman sa Biblia at pinapapanood ng mga palabas tungkol sa mga tauhan sa Biblia. Pinapabasa din nila sa akin ang mga talata sa Biblia at sumasabay ako sa kanila sa pagkanta ng mga awiting papuri.

Noong anim na taon ako, sinabihan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga miyembro ng iglesya na magbasa ng mas maraming kabanata sa Biblia at magsaulo ng isang talata para makapamuhay ng malapit sa salita ng Diyos. Magmula noon, nagsaulo na ako ng mga talata sa tulong ng mga magulang ko.

Nagsasagawa ng pagsusulit ang mga miyembro ng Cheonan Manmin Church bawat buwan tungkol sa mga lingguhang talata. Maraming beses na akong nanalo kaya mas naging masaya ako sa pagsasaulo.

Isang araw, nagdesisyon akong sumali sa paligsahan ng kaalaman sa Biblia na idinaos sa Manmin Central Church sa Seoul. Sumali ako noong nasa ika-5, 6, 8, at 9 na baitang ako. Kahit wala akong napanalunang premyo, naging pagpapala ang panahong iyon para sa akin.

Gumawa ako ng libro na may nakasulat na mga talata at palagi kong dala-dala ito. Binabasa at pinapakinggan ko ang mga talata sa MP3. Nakakapagpasaya sa akin ito.

Para mas maunawaan ko ang mga talata, binabasa ko ang kabanata na pinanggalingan nito at binabasa ko rin ang sermon tungkol dito. Masayang-masaya ako na matutuhan ang Salita ng Diyos.

Habang tumatagal, mas nadarama ko ang pag-ibig ng Diyos at umaapaw sa akin ang pag-asa sa Langit. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa pagkakaloob Niya sa akin ng ganitong pagpapala.



**Kapatid na Hayoung Lee**
(Ika-9 na baitang, Cheonan Manmin Church)

# "Simula nang Lumaya Ako sa Pagiging Sugapa sa Alak at Droga, Naging Masaya ang Pamilya Ko"

**Kapatid na Chittbabu** (Pangulo ng Misyon ng Kalalakihan, Chennai Manmin Church sa India)



Pamilya ng Kapatid na Chittbabu

### Nagdusa ang buong pamilya ko dahil sa takot at mga karamdaman

Nasa 40 na ang edad ko at pagmamaneho ng taksi ang ikinabubuhay ko. Nakatira ako sa Chennai, India. Takot sa akin ang asawa ko at ang dalawang anak na lalaki dahil sugapa ako sa alak at droga. Hindi ko makaya ang 'withdrawal symptoms' gaya ng panginginig ng mga kamay at matinding sakit ng ulo kapag hindi ako umiinom ng alak. Binantaan ko pa ang asawa at mga anak ko ng kutsilyo at binubugbog sila sa gabi. Naging napakagulo ng pamilya ko.

Nagkasakit ang asawa ko sa thyroid, sa puso, at pollakiuria (madalas na pag-ihi). Nahirapan din siyang huminga. Lumayas ang anak kong panganay para makaiwas sa akin. Malapit na siyang mabulag dahil sa mataas na lagnat at nagdusa sa sakit ng ulo niya. Gabi-gabi ay napakalikot ng anak kong bunso dahil mayroon siyang somnambulism o 'sleep walking' (kondisyon kung saan tumatayo at naglalakad ang isang tao habang natutulog). Ang buong pamilya ko ay may karamdaman.

### Dahil sa panalanging may panyo, natigil ako sa pag-inom ng alak at droga

Noong Nobyembre 2007, ipinakilala sa akin ng kapatid na Rabi si Pastor Joseph Han. Nagmiministeryo siya sa Chennai Manmin Church. Sinabi ng Kapatid na Rabi, "Mayroong sangay dito ang iglesya ng Koreanong nanguna sa Krusada ng Pagkakaisa sa Marina Beach noong 2002."

Ako ay Hindu, subalit nakita ko ang makapangyarihang gawain ng tagapagsalitang si Dr. Jaerock Lee at ang paghatid niya ng ebanghelyo ng kabanalan kahit napakalakas ng ulan noon. Nabagbag niya ang damdamin ng mga taga-India. Maalab niyang ibinahagi ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao doon.

Nabalitaan ng napakaraming tao ang tungkol sa krusada. Nagsidalo ang mga Cristiano, gayundin ang mga hindi Cristiano. Ang bilang ng mga taong nagsidalo ay umabot sa tatlong milyon. Ito ang pinakamarami sa talaan.

Humanga ako kay Dr. Lee at sa krusadang iyon. Kaya sumunod ako sa kapatid na Rabi at dumalo sa Chennai Manmin Church. Pinapanood ng mga miyembro ang Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes ng Manmin Central Church sa pamamagitan ng GCN TV. Pagkatapos ng pagsamba, hinimok ako ni Pastor Han na magtiwala sa Makapangyarihang Diyos, tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas ko, at isabuhay ang tamang buhay ng isang Cristiano. At ipinanalangin niya ako gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Dahil sa panalangin, nakaranas ako ng maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu. Napakamakapangyarihan nito kaya hinimatay ako ng dalawang beses. Nang magkamalay ako, nagkaroon na ng kapayapaan ang katawan at puso ko. At ang mas kamangha-mangha pa, naging malaya ako sa pagiging sugapa sa alak ng dalawampung taon at sa droga ng sampung taon.

### Mula sa Hinduism, naging Cristiano ang pamilya ko

Pagkatapos maranasan ang kapangyarihan ng Diyos, naging Cristiano ako. Binasa ko ang pangunahing libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus* kaya naunawaan ko kung bakit si Jesus ang nag-iisang Tagapagligtas natin. Magmula nang malaman ko ang kalooban ng Diyos na nakapaloob sa krus, mas lumalim pa sa puso ko ang pagmamahal ng Diyos at ng Panginoon.

Pagkalipas ng dalawang linggo, nakaranas ulit ako ng kamangha-manghang pagkilos. Ipinapanalangin ako ni Dr. Lee sa pagtitipon na may banal na pagpapagaling sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes. Hindi pa ako marunong manalangin noon. Kaya umiyak lang ako nang umiyak at sinabi ko, "Panginoon, patawarin Mo ako. Panginoon, patawarin Mo ako."

Nang sandaling iyon, isang liwanag na parang bituin ang tumama sa noo ko. May kalakasan ito kaya naramdaman kong nag-init ang buong katawan ko at napaatras ako ng dalawang metro. Nakalaya ako sa 'withdrawal symptoms' ko tulad ng panginginig ng mga kamay pagkatapos ng pangyayaring iyon.

Nagbago ako dahil sa mga karanasang iyon. Nalugod ang pamilya ko dahil sa nakitang pagbabago, subalit hindi pa lahat ay nagsimba. Pinalaki sa isang pamilyang Hindu ang asawa ko, kaya hindi naging madali para sa kanya ang maging Cristiano.

Samantala, bumisita si Pastor Joseph Han sa bahay ko. Nang ipanalangin niya ang asawa ko, tinanggap niya ang apoy ng Banal na Espiritu at sa wakas ay tumanggap siya sa Panginoon. Itinapon niya ang mga diyus-diyosan na nasa tahanan namin at nagsimula siyang magsimba. Hallelujah!

### Dumalo ako sa Chennai Manmin Church kasama ang pamilya ko at nanalangin nang taimtim

Nagkaroon ako ng kapayapaan pagkatapos kong tanggapin ang Panginoon. Subalit nagpoproblema pa rin ako sa mga maniningil ng utang ko na kumakatok sa pintuan namin araw at gabi. Dahil ito sa perang winaldas ko sa pag-inom ng alak at droga. Napakalaki na ng mga utang ko.

Isang araw, nag-iyakan kaming mag-asawa at gusto na naming mamatay dahil sa napakahirap ng buhay namin. Pagkatapos, ikinuwento ng kapatid na Joel ang buhay niya. Nagkaroon din siya ng problema sa pera subalit tumanggap siya ng biyaya mula sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin. Pinayuhan niya akong dumalo sa Pulong Panalanging Daniel.

Isinantabi ko ang lahat ng bagay at nanalangin sa Diyos. Lubos akong nagsisi at nagsikap na isabuhay ang Salita ng Diyos. Matapat kong ginawa ang trabaho ko sa bahay, opisina, at iglesya.

Lahat ng miyembro ng pamilya ko ay nakinig sa mga mensahe ni Dr. Lee sa Chennai Manmin Church sa GCN TV. Lumago ang pananampalataya namin habang ipinapanalangin kami at sa panonood namin sa GCN TV ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Dagdag pa dito, ipinanalangin din ni Pastor Han ang pamilya at mga anak ko gamit ang panyong makapangyarihan.

### Nang sumagana ang espiritu at kaluluwa namin, naging maayos ang lahat sa buhay namin, at naging malusog kami

Noong Mayo 2011, buong puso kaming naghandog ng 10,000 rupees (mga P9,900 na katumbas ng isang buwang suweldo ng mga tao sa India) bilang pasasalamat namin. Magmula noon, nagbibigay ang Diyos ng mga biyayang espirituwal, pisikal at materyal sa sambahayan ko. Nagbalik sa normal ang paningin ng biyenan ko at ng dalawang pamangkin ko sa Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling noong Hunyo. Hindi na nila kailangang magsalamin. Nagsimula ako ng negosyong 'real estate' bilang pandagdag na trabaho at kumita ako ng 45,000 rupees (mga P44,900) bawat buwan. Kumita pa ako ng mga P130,000 sa loob ng tatlong buwan kaya nabayaran kong lahat ang pagkakautang ko.

Naging mga manggagawa ng iglesya ang lahat ng miyembro ng pamilya ko. Ako ngayon ay pangulo ng Misyon ng mga Kalalakihan at ang asawa ko ay pangulo ng Misyon ng mga Kababaihan. Nagtuturo din ako sa paaralang pang-Linggo at miyembro din ako ng choir. Ang panganay na anak ko ay lider ng grupo ng Misyon ng mga Kabataan. Miyembro naman ng White Stone Choir at Grupo ng mga Mananayaw ang pangalawa kong anak. Nakapagpahayag na kami ng ebanghelyo sa mga kamag-anak ko at dumadalo na sila sa iglesya.

Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Diyos na muling nagbuo sa pamilya kong nawasak, at nagpalaya sa akin mula sa pagiging sugapa sa alak at droga.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin